

Ang sumusunod na dokumento ay ang Batas ng Alaska 13.26.316 na nagpapaliwanag sa pangkalahatang mga kapangyarihan at tungkulin ng isang tagapaga-alaga. Isinaling wika ang mga ito upang tulungan ang mga tapag-alagang Ingles ang ikalawang wika na maunawaan ang kapangyarihan ng kautusan ng hukuman dahil sa ang mga pangkalahatang kapangyarihan ay binubuo ng malaking bahagi ng kautusan. Sa huling bahagi ng dokumentong ito, may karagdagang impormasyon na nauukol sa papel na ginagampanan ng tagapag-alaga.

AS 13.26.316 Pangkalahatang Kapangyarihan at Tungkulin ng isang Tagapag-alaga

(a) Ang isang tagapag-alaga ay dapat na masakap at walang masamang hangarin sa pagsasakatuparan sa mga tiyak na tungkulin at kapangyarihan na iniutos ng hukuman. Sa pagsasakatuparan ng mga tungkulin at kapangyarihan, hihimukin ng tagapag-alaga ang inaalagaan na makisali sa kasukduluan ng kanyang kakayahan sa lahat ng mga pagpapasya na makaka-apekto sa kanya, kumilos alang alang sa kapakanan ng kanyang alaga sa lahat ng bagay na may kakayahan ang inaalagaan, at mapaunlad o ipagpatuloy, sa pinakasukdulang posibilidad, ang kakayahan upang matugunan ang mga mahahalagang pangangailangan para sa kalusugang pisikal o kaligtasan, upang mapangalagaan ang mga karapatan ng inaalagaan, at pangasiwaan ang pinagkukunan ng pananalapi ng inaalagaan.

(b) Ang tagapag-alagang bahagi lamang ang panahon sa pag-aalaga sa taong may kapansanan ay mayroon lamang mga kapangyarihan at mga tungkulin na igalang ang mga ipinalista ng inaalagaan sa kautusan ng hukuman.

(c) Ang tagapag-alagang sa buong panahon nag-aalaga sa isang taong may kapansanan ay may kaparehong mga kapangyarihan at mga tungkulin na igalang ang inaalagaan tulad ng magulang sa isang menor na edad na anak na nasa kanya pang poder, maliban sa ang tagapag-alaga ay walang pananagutan para sa pangangalaga at ikabubuhay ng inaalagaan at walang pananagutan, sa isang taong nasaktan sa kagagawan ng inaalagaan, sa dahilang siya ang tagapag-alaga. Maliban na lamang kung baguhin ang kautusan ng hukuman, kasama sa mga kapangyarihan at mga tungkulin ng tagapag-alaga ang mga sumusunod, ngunit wala itong hangganan:

(1) ang tagapag-alaga ay may karapatan na ingatan ang katauhan ng inaalagaan at titiyakin na ang inaalagaan ay may tirahang may pinaka-kaunting paghihigpit sa hindi pabagu-bagong kapaligiran na tumutugon sa mga pangunahing pangangailangan para sa pisikal na kalusugan at kaligtasan ng inaalagaan;

(2) titiyakin ng tagapag-alaga ang pag-aasikaso, kaginhawahan, at kabuhayan ng inaalagaan;

(3) Titiyakin ng tagapag-alaga na ang inaalagaan ay tumatanggap ng mga serbisyong kailangan upang matugunan ang mga pangunahing pangangailangan para sa pisikal na kalusugan at kaligtasan at mabago o mapanumbalik sa pinakamasidhing posible,

ang kakayahan upang matugunan ang mga pangangailangan ng inaalagaan para sa kanyang pisikal na kalusugan at kaligtasan;

(4) Titiyakin ng tagapag-alaga sa pamamagitan ng pagpapisisimula sa pagkilos ng hukuman at iba pang mga kaparaanan na ang inaalagaan ay masiyahan sa lahat ng personal, pangmamamayan, at mga karapatang pantao na karapatdapat para sa inaalagaan.

(5) maaaring magbigay ang tagapag-alaga ng mga pahintulot o mga pagsang-ayon na kailangan upang makatanggap ng medikal o iba pang propesyonal na pangangalaga, payo, pagpapagamot, o mga serbisyo maliban na lamang kung ang mga ito ay hindi saklaw sa (e) bahaging ito;

(6) ang tagapag-alaga ay may mga kapangyarihan at mga tungkulin ng isang konserbator sa ilalim ng kabanatang ito ; gayon pa man, hindi maaaring gamitin ng tagapag-alaga ang pera at pag-aari ng inaalagaan para sa mga serbisyo niya bilang tagapag-alaga o para sa lugar na tirahan at inuupahan na nilagyan ng mga kasangkapan ng tagapag-alaga, o ng asawa ng tagapag-alaga, magulang, o anak para sa inaalagaan maliban na lamang kung, bago magbayaran, malalaman ng hukumaan na ang inaalagaan ay may kakayahang magbayad at ang halagang sinisingil ay kainaman; Kung maaari bibigyan ang isa sa mga kamag-anak ng inaalagaan ng pabatid sa kahilingan para sa pahintulot na kabayaran; gagampanan nang may pag-iingat ng tagapag-alaga na pangalagaan ang anumang labis na pera o pag-aari para sa pangangailangan ng inaalagaan;

(7) Kung hinirang din ang konserbator sa ari-arian ng inaalagaan, babayaran ng tagapag-alaga ang lahat ng ari-arian ng inaalagaan na tinanggap niya sa konserbator para sa pamamahala ayon sa AS 13.26.401 - 13.26.575.

(d) Ang tagapag-alaga, na hinirang para sa konserbator, ang siyang mangangalaga at magpapanatili ng kaligtasan sa inaalagaan at may karapatang tumanggap ng kainamang sahod para sa mga serbisyo at para sa bahay-pangaserahan na may mga kasangkapan para sa inaalagaan ayon sa napagkasunduan ng tagapag-alaga at konserbator. Maaaring hilingin ng tagapag-alaga sa konserbator na gastosin ang ari-arian ng inaalagaan para sa kanyang mga pangangailangan at ikabubuhay.

(e) Ang tagapag-alaga ay maaaring hindi

(1) ilagay ang inaalagaan sa pasilidad o institusyon para sa mga maysakit sa isip maliban na lamang kung ito ay sa pamamagitan ng pormal na paglilitis sa ilalim ng AS 47.30 na kung saan ang inaalagaan ay may hiwalay na tagapag-alaga ad litem;

(2) magbigay ng pahintulot para sa inaalagaan kung ito ay nauukol sa paglalaglag ng sanggol sa sinapupunan, [sterilization], [psychosurgery], o pag-alis ng alin mang mga bahagi ng katawan maliban na lamanag kung ito ay kinakailangan upang mailigtas ang buhay o maiwasan ang mas malalang pinsala sa pisikal na kalusugan ng inaalagaan;

(3) magbigay ng pahintulot para sa inaalagaan upang pigilan ang anumang medikal na pamamaraan na makapag-liligtas ng buhay; gayon pa man, ang isang tagapag-alaga ay hindi inaasahang sasalungat sa pagpapatigil o pagkakait ng mga medikal na pamamaraan na makapagliligtas ng buhay kapag ang mga pamamaraang iyon ay para lamang humaba ang proseso ng pagkamatay at magbibigay ng walang makatwirang inaasahan na magreresulta ng pansamantala o permanenteng paggaling o kaginhawahan sa sakit o kalagayan na ginagamot maliban na lamang kung malinaw na ipinahayag ng inaalagaan na ang mga medikal na pamamaraan na makapagliligtas ng buhay ay hindi pipigilan, hindi sibil na mananagot ang tagapag-alaga para sa mga pagkilos o mga nakaligtaan sa ilalim ng talataang ito maliban na lamang kung ang ikinilos o ang nakaligtaan ay binubuo ng kapuna-punang kapabayaan o walang ingat o sinadyang paglabag;

(4) magbigay ng pahintulot para sa inaalagaan sa pagsasagawa ng isang experimento ukol sa medikal na pamamaraan o pakikisali sa isang experimentong medikal na ang hangad ay hindi magliligtas ng buhay o mapigilan ang malubhang kapinsalaan sa pisikal na kalusugan ng inaalagaan;

(5) magbigay ng pahintulot para sa inaalagaan na wakasan na ang mga karapatan ng inaalagaan bilang magulang;at

(6) pagbawalan ang inaalagaan na magpatala upang bumoto o sa pagboto sa eleksiyong pampubliko;

(7) pagbawalan ang inaalagaan na mag-aplay at magkaroon ng lisensiya sa pagmamaneho;

(8) pagbawalan ang pagpapakasal o pakikipag-diborsiyo ng inaalagaan.

Sa mga karagdagang kapangyarihan at tungkulin sa batas, ang tagapag-alaga ay kailangang:

1. Ipatala ang Pagpapatunay ng Pag-aaral ng isang oras para sa mga bagong mga tagapag-alaga upang matugunan ang kahilingan ng hukuman.
2. Ipatala ang Ulat ng Pagsasakatuparan [Implementation Report] sa loob ng 90 araw sa pagkakahirang na nagpapatunay sa hukuman kung paano ang pag-aalaga ay isinasakatuparan at ang hangganan ng mga ari-arian.
3. Sa parehong araw taun taaon, ang tagapag-alaga ay magtatala ng taunang ulat. Ang ulat na ito ay kailangang -
 - a. Nakatala sa isang panig ng papel gamit ang itim o asul na tinta o gamit ang PDF na pormularyong sasagutan sa website. <http://courts.alaska.gov>
 - b. Sagutan nang kumpleto. Kung kailangan ninyo ang tulong ng taga-saling wika, makipag-ugnayan sa ASAGA.

- c. Ang kuwenta ay kailangang maging tamang-tama, hindi tinantiya, o binuo ang mga bilang.
 - d. Ilakip ang anumang dokumento na hinihingi ng ulat kasama na rito ang mga pahayag ng bangko.
 - e. Tiyakin na hindi ninyo pinag-hahalo ang mga pondo maliban na lamang kung binigyan ng pahintulot ng hukuman.
4. Kung kailangan ninyong gumawa ng anumang mga pagbabago sa inyong kautusan ng hukuman o may mga katanungan tungkol sa inyong pagbibigay – kapangyarihan magharap ng PG 190, [Petition for Review] Petisyon para sa Pagrererepaso.

Kung kayo ay may mga katanungan o mga pag-aalala ukol sa inyong pagiging tagapag-alaga, ang ASAGA ay maaaring makatulong at kami ay may mga serbisyo sa pag-sasaling wika. Maaari kayong humiling na makipag-kita sa pamamagitan ng pagtawag sa 907-444-4015, mag-email sa asagaak@gci.net o magpatala sa aming [website] sa www.asaga.info.

Alaska State Association for Guardianship and Advocacy

PO Box 220429, Anchorage, AK 99522

